

Ut in confesiónē verā sempiternāque Deitātis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitās, et in maiestáte adorétur æquálitās.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 17:3

DOMINUS firmaméntum meum, et refúgium meum, et liberátor meus: Deus meus, adiútor meus.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

MYSTERIA nos, Dómine, quæsumus, sumpta purificent: et suo múnere tueántur. Per Dóminum.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

POON, ikaw ang aking bato at kuta; ikaw ang aking tagapagligtas: O Diyos ko, ikaw ang aking saklolo!

ANG MGA BANAL NA MISTERIO na aming tinanggap, Panginoon, nawa'y makapagpalinis sa amin, at sa bisa nito'y ipagtanggol kaming lagi. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKA-APAT NA LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa "Dominus illuminatio mea"

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 26:1-2

DOMINUS illuminatio mea et salus mea, quem timebo? Dóminus defensor vitæ meæ, a quo trepidábo? qui trífulant me inimíci mei, ipsi infirmáti sunt, et cecidérunt. — *Ps 26:3* Si consístant advérsum me castra: non timebit cor meum. *V.* Gloria Patri. Dominus.

ANG PANGINOON ang liwanag ko't kaligtasan: kanino naman ako matatakot? Ang Poon ang siyang tanggulan ng buhay ko: kanino naman ako masisindak? Mga kaaway na nilalabanan ako'y nabubuwal at nalulugmok! — *Salmo 67:36* Kahit na isang hukbo ang humarap sa akin, puso ko'y 'di matatakot. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang Panginoon...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DA nobis, quæsumus, Dómine: ut et mundi cursus pacífice nobis tuo órdone dirigátur; et Ecclésia tua tranqúilla devotióne lætétur. Per Dominum.

IPAGKALOOB mo sa amin, Panginoon, na ang takbo ng mundo'y maging payapa't matiwasay sa bisa ng Iyong pagpapatnubay, nang sa gayo'y magkamit ng ligaya ang Simbahan sa mapayapang pagsamba sa Iyo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Rom 8:18-23

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

MGA KAPATID: Ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatian ng ipahahayag sa atin balang araw. Sapagkat nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak. Nabigo ang sangnilikha, hindi dahil sa kagustuhan nito, kundi dahil itinulot iyon ng Diyos. Gayunman, nagbigay rin siya ng pag-asa na ang lahat ng nilikha ay pinalaya ng Diyos upang hindi na ito mabulok, at upang makabahagi ito sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos. Alam nating hanggang ngayo'y dumaraing ang sangnilikha dahil sa matinding hirap na tulad ng isang nanganganak. At hindi lamang ang sangnilikha, kundi tayong mga tumanggap na ng Espiritu bilang unang

kaloob mula sa Diyos ay dumaraing din habang hinihintay natin ang paghahayag ng ating pagiging mga anak ng Diyos at ang pagpapalaya sa ating mga katawan. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 78:9,10; Ps 9:5, 10

PROPITIUS esto, Dómine, peccátis nostris: ne quando dicant gentes: Ubi est Deus eórum?

V. Adiuva nos, Deus, salutáris noster: et propter honórem nóminis tui, Dómine, líbera nos.

Allelúia, allelúia. **V.** Deus, qui sedes super thronum, et iúdicas æquitátem: esto refúgium páuperum in tribulatióne. **Alleluia.**

MAHABAG ka, Poon, sa aming mga sala: bakit sasabihin ng mga bansa, "Nasaan ang kanilang Dios?"

V. Tulungan mo kami, O Diyos naming manliligtas: pakundangan sa luwalhati ng Iyong ngalan, iligtas Mo kami, Poong Mahal.

Aleluya, aleluya! **V.** O Dios, ikaw na naluluklok at humahatol na makatarungan: maging sanggalang ka nawa ng mga tumatangis sa panahon ng kagipitan. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 5:1-11

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHO NG IYON: Samantalang sinisiksik si Jesus ng napakaraming tao upang makinig ng salita ng Diyos, siya'y nakatayo sa tabi ng lawa ng Genesaret. Nakakita siya ng dalawang bangka na nasa tabi ng lawa; wala na roon ang mga mangingisda at naghuhugas na ng kanilang mga lambat. Lumulan siya sa isa sa mga bangka na pag-aari ni Simon at hiniling sa kanya na ilayo ito nang kaunti sa lupa. Siya'y umupo at mula sa bangka ay nagturo sa mga tao. Nang matapos na siya sa pagsasalita ay sinabi niya kay Simon, "Pumunta ka sa malalim at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang makahuli." Sumagot si Simon, "Guro, sa buong magdamag ay nagpakapagod kami at wala kaming nahuli. Subalit dahil sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat." Nang magawa nila ito, nakahuli sila ng napakaraming isda, at halos masira ang kanilang mga lambat, kaya't kinawayan nila ang mga kasamahan nilang nasa ibang bangka upang lumapit at tulungan sila. Sila'y lumapit at pinuno ng isda ang dalawang bangka, anupa't sila'y nagpasimulang lumubog. Ngunit nang makita ito ni Simon Pedro, lumuhod siya sa paanan ni Jesus, na nagsasabi, "Lumayo ka sa akin, sapagkat ako'y taong makasalanan, O Panginoon." Sapagkat siya at ang lahat ng kanyang kasama ay namangha dahil sa mga isdang kanilang nahuli, gayundin si Santiago at si Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasamahan ni Simon. At sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag kang matakot,

mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao." Nang maitabi na nila sa lupa ang kanilang mga bangka ay iniwan nila ang lahat, at sumunod sa kanya. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 12:4-5

ILLUMINA óculos meos, ne umquam obdórmiam in morte: ne quando dicat inimicus meus: Præválui advérsus eum.

BIGYANG LIWANAG ang aking mga mata, upang hindi ako mahimlay sa kamatayan, at baka sabihin ng kaaway ko: "Nanaig ako sa kaniya."

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OBLATIONIBUS nostris, quæsumus, Dómine, placáre susceptis: et ad te nostras étiam rebélles compélle propítius voluntates. Per Dóminum.

SA MALUGOD mong pagtanggap, Panginoon, nitong aming mga alay, nawa'y sa Iyong kagandahang-loob, mapahinuhod nawang sumunod sa iyo ang mga kalooban naming nahirati sa pagsuway. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine différentia discretiónis sentímus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.